ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 19
Oktubre 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Mga bitak sa pasistang koalisyong Duterte

Ang kumpetisyon sa pulitika na nilalaro ngayon sa Mababang Kapulungan ng Kongreso sa usapin ng pamumuno rito ay palatandaan ng mga bitak sa loob ng naghaharing pasistang koalisyong Duterte. Ang walang kahihiyang balyahan para sa pwesto ay bahagi ng mas malaking labanan para makuha ang mas malaking bahagi ng *pork barrel* sa badyet sa 2021, lalo at nalalapit na ang eleksyong 2022.

Noong Setyembre 30, bumoto ang 184 sa 300-myembrong kapulungan kontra sa palabas na alok ni Speaker Alan Peter Cayetano na magbitiw sa pusisyon. Ang botohan ay binatikos na pag-aaksaya ng oras at salapi ng bayan.

Ang alok na magbitiw ni Cayetano, sa halip na tuwirang magbitiw, ay pagsagka sa "kasunduang hatian sa termino" niya at ni Rep. Lord Allan Velasco. Sa usapang ito, uupo si Cayetano bilang pinuno ng mababang kapulungan sa unang 15 buwan ng kanilang termino, at hahalinhan ni Velasco sa huling 21 buwan. Tinutuligsa si Cayetano sa pagkakapit-tuko sa poder at pagbali sa kanilang "usapang lalaki."

Ang boto kontra sa palabas na alok na magbitiw ni Cayetano ay di tuwirang sampal kay Duterte, na mismong namagitan sa kasunduan sa hatian sa termino na nabuo noong 2019 at muling pinagtibay sa pulong kamakailan sa Malacañang. Lumilitaw na di absoluto ang hawak ni Duterte sa mga tauhan niya sa Kongreso, at na hindi lahat ay masaya sa mga kaayusan sa hatian sa mga pakinabang at pribilehiyo ng nasa poder.

Naghahayag kapwa si Cayetano at Velasco ng katapatan sa tiranong si Duterte. Kinakatawan nila ang iba't ibang grupo o paksyon sa loob ng naghaharing pangkatin. Nagkakaisang kumikilos ang mga ito para suportahan ang pagbibigay kay Duterte ng karagdagang kapangyarihang burukrata-kapitalista at pasista, tulad kamakailan ng Anti-Terrorism Law, ang pagkait ng prangkisa sa ABS-CBN at pagbibigay ng hindi karaniwang kapangyarihan para galawin ang badyet sa gitna ng pandemya.

Gayunman, ang katapatang ito ng mga reaksyunaryong pulitiko ay mananatili lamang kung sila'y pinakakain ng tama at relatibong pantay-pantay. Basta't tumatanggap ang kanilang mga distrito ng pondo para sa mga pampasiklab na pagpapagawa ng kalsada, *waiting shed* at iba pang proyektong pang-imprastruktura kung saan maaaring ipaskil ang kanilang mukha, ang mga alipures sa kongreso ay patuloy na magsisilbi sa tirano at kanyang mga tau-tauhan. Mas mahirap silang pakainin at busugin tuwing palapit ang eleksyon dahil lumalaki ang hinihingi para gastusin sa mu-

ling pagtakbo o pag-ambisyong makaupo sa mas mataas na pwesto.

Ang pagsidhi ng banggaang Cayetano-Velasco ay di maihihiwalay sa kasalukuyang pagdinig sa badyet sa 2021, partikular ang bahagi nila sa ₱397 bilyong *pork barrel* na hawak ng Department of Public Works and Highways (DPWH). Nagrereklamo ang kampo ni Velasco sa di pantay na alokasyon ng pondo para sa mga proyektong pang-imprastruktura, at kinukwestyon bakit makakukuha ng ₱11.1 bilyon ang distrito ni Cayetano sa Taguig at ₱11 bilyon sa mga kaalyado niya sa Camarines Sur, samantalang ang mga di niya kaalyado ay mayroon lamang ₱2 bilyon.

Lalo pang titindi ang tunggalian sa Mababang Kapulungan sa mga darating na araw sa paggigiit ng paksyon nila Velasco na dapat sundin ni Cayetano ang unang usapan at magresayn sa Oktubre 14. Kung hindi, nagbanta silang ideklarang bakante ang pwesto para bigyang-daan ang kanilang pagtutuos.

Lalo pang lalalim at lalawak ang mga kontradiksyon sa hanay ng naghaharing pangkatin sa darating na panahon sa harap ng paglala ng krisis ng naghaharing sistema habang lalong nagiging matakaw si Duterte at kanyang mga alipures. Lilitaw lalo ang mga kontradiksyong ito habang papalapit ang eleksyon, o kung itulak ni Duterte ang pagbabago ng konstitusyon o iba pang iskema para manatili sa poder.

Ang mga bitak na ito ay hahantong din sa hayagang tunggalian sa hanay ng militar at pulis, partikular sa pagitan ng nagriribalang sindikato, at sa pagitan ng mga upisyal na sangkot sa malakihang korapsyon at malalalang paglabag sa karapatang-tao. Siguradong may lilitaw ding mga upisyal na makikitang di posibleng tapusin ang armadong tunggalian sa bansa kung sa pamamagitan lamang ng isang gerang panunupil laban sa bayan.

Lalo ring lilitaw ang mga kontradiksyon sa harap ng lumalakas na internasyunal na presyur sa rehimeng Duterte sa harap ng malawakang pagbatikos sa mga pang-aabuso ng mga sundalo at pulis sa mga karapatan, gayundin sa pagmamanikluhod niya sa China at pagpapabayang makapagtayo ng mga pasilidad militar sa South China Sea. Mula sa kongreso ng US at parlamento ng Europe, umaalingawngaw ang sigaw para tapusin ng mga pwersa ng estado ang mga pagpatay sa mga aktibista at sa huwad na gera kontra droga. Nadidiin din siya sa hakbangin kamakailan ng Facebook na alisin ang mga akawnt na pinatatakbo ng militar.

Dapat samantalahin ng sambayanang Pilipino ang mga kontradiksyong ito sa hanay ng naghaharing pangkatin sa pamamagitan ng paglalantad sa mga krimen, korapsyon, brutalidad at pangangayupapa ng rehimen at ng pagbubuo ng pinakamalawak na pagkakaisa ng mga patriyotiko at demokratikong uri at sektor. Dapat ubos-kaya silang magsalita laban sa *pork barrel* at kontra-insurhensya na badyet ng rehimen pang-2021 na sagadsaring anti-mamamayan at anti-mahirap laluna sa harap ng pandemya at pangangailangang dagdagan ng panggastos ang mga serbisyong medikal, pang-ekonomya at pang-edukasyon. Dapat batikusin ang ribalan sa poder at pribilehiyo habang nagdurusa ang bayan sa palpak na pagbubukas ng klase, pagtaas ng pamasahe, malaking gastos sa pagpapagamot, krisis sa pagkain at iba pang kagyat na problemang pang-ekonomya at panlipunan.

May mga alipures na dismayado dahil tira-tira na lamang ang iniiwan sa kanila ng mga walang-kabusugang pinakamakapangyarihang tauhan ni Duterte. Dapat silang hikayatin na iwaksi ang rehimen ng katakawan at tiraniya.

Dapat ibayong pukawin ang sambayanang Pilipino na labanan ang pasista, papet at korap na rehimeng Duterte. Dapat ilantad ang kabuktutan ng rehimen upang sindihan ang galit ng bayan at palakasin ang determinasyon nilang lumaban.

Dapat kumilos nang malakihang bilang ang mga manggagawa, magsasaka at malaproletaryado sa mga pabrika, komunidad sa kalunsuran

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 19 | Oktubre 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Mga bitak sa pasistang koalisyong Duterte 1
Sundalong gwardya ni Consunji, tinambangan 3
Hustisya sa Lianga 3
Abusadong mga sundalo at pulis, inambus 4
Mga akawnt sa Facebook, bunyag 4
*Mega farm* para sa eksport 5
Pagsandig sa dayuhang abono 6
Dumadaluhong ang mga berdugo 7
Demolisyon, nagbabadya 7
Sa madaling salita 8
Sikreto ni Tatay Yulo 9
Ika-48 taon ng batas militar, ginunita 9
Panawagan para sa subsidyo sa palay 10
Pagharang sa ayudang militar ng US 10
Pagkawasak ng kagubatan 10
Trump, nag-udyok ng pasismo 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

at kanayunan. Dapat isagawa ang walang-kapagurang gawaing propaganda at edukasyon sa kanilang hanay. Dapat makibaka ang masang anakpawis para sa kanilang mga karapatan at kagalingan, laluna sa gitna ng krisis at papanagutin ang rehimen sa korapsyon at maling mga prayoridad.

Kasabay nito, dapat patuloy na lumawak at lumakas ang alyansa sa hanay ng mga panggitnang pwersa. Ang mga kabataang estudyante, titser, nars at mga manggagawang pangkalusugan, mga kawani ng pamahalaan, mga taong-simbahan, kababaihan, mga pwersang oposisyon at iba pang demokratikong sektor ay dapat patuloy na magsanib pwersa upang lalong palawakin ang nagkakaisang prenteng anti-Duterte.

Ang hanay ng mas abante sa pulitika na mga kadre ng Partido at aktibistang masa ay dapat manguna at magsilbing huwaran sa mahirap at kadalasa'y peligrosong gawaing pagpukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa masa. Makakamit lamang ang tagumpay sa pamamagitan ng malawakang pagpapakilos ng masa.

Dapat patuloy na pamunuan ng Partido ang Bagong Hukbong Bayan sa pagsulong ng malawakan at maigting na pakikidigmang gerilya. Ang lumalaking bilang ng mga taktikal na opensiba sa nagdaang mga linggo ay nagpapakita ng pambansang kapasidad at determinasyon ng BHB na labanan ang pasistang rehimen at tumulong sa pagbabagsak nito.

Sa pagsusulong ng lahat ng anyo ng paglaban, magagawang ibayong ihiwalay at pahinain ng sambayanang Pilipino ang pasistang rehimeng Duterte. Kahit gumamit ng terorismo ng estado, mabibigo ang rehimen sa harap ng determinasyon ng sambayanan na makibaka para ibalik ang kanilang mga kalayaan at ipaglaban ang demokrasya. AB

# Sundalong gwardya ng Consunji, tinambangan; 24 patay

MAGKASUNOD NA BINIGWASAN ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang mga sundalong protektor ng mapaminsalang operasyon ng mga kumpanya ng mina at troso ng malalaking burgesya kumprador sa Mindanao nitong nagdaang mga buwan. Apatnapung sundalo ang naitalang patay at hindi bababa sa 34 ang sugatan sa ambus nito sa mga prubinsya ng Sultan Kudarat at Surigao del Sur.

Tinambangan ng BHB-Far South Mindanao Region noong Setyembre 2 ang tropa ng 37th IB na lulan ng trak ng militar sa Barangay Sta. Clara, Kalamansig, Sultan Kudarat. Napatay ang 24 na sundalo at 28 iba pa ang nasugatan. Papunta ang mga sundalo sa Barangay Datu Andong sa parehong bayan para depensahan ang ABU-Gemma Construction Company.

Ilang oras bago nito, pinaralisa ng BHB ang isang *backhoe* ng naturang kumpanya na nagsasagawa ng pagpapalawak ng kalsadang gagamitin sa malakihang operasyong pagtotroso ng D.M. Consunji Incorporated sa unang distrito ng prubinsya. Noong Agosto 17, inambus ng mga Pulang mandirigma ang isang yunit ng 37th IB sa parehong barangay. Tatlong sundalo ang namatay at isa ang nasugatan.

Sa Surigao del Sur, sunud-sunod na armadong aksyon ang inilunsad ng hukbong bayan laban sa mga nag-ooperasyong tropa ng 3rd SFB, 36th IB, 65th IB at 75th IB na nagsisilbing protektor ng mapandambong na mga operasyong mina sa prubinsya. Napatay sa mga labanan si 2nd Lt. Danus at 12 pang sundalo. Limang sundalo ang nasugatan.

Pinasabugan ng BHB ang mga sundalo sa Barangay Hinapuyan, Carmen noong Hulyo 30. Sa barangay Libas Sud at Siagao, San Miguel, tatlong operasyong haras ang inilunsad ng BHB mula Mayo 14 hanggang 18.

Naglunsad din ang BHB ng isang ambus at tatlong operasyong haras laban sa magkakumbinang pwersa ng 36th IB, 75th IB at 65th IB noong Agosto 4-8. AB

# Hustisya sa Lianga massacre, nakamit

PATAY SA LABANAN sa pagitan ng isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan-Surigao del Sur at grupong paramilitar na Magahat-Bagani noong Oktubre 4 si Hawudon Jumar Bucales at dalawa pa niyang kasama. Tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang grupo ni Bucales sa Sityo Mamsapranon, Barangay Banahao sa Lianga, Surigao del Sur. Si Bucales ang utak ng pagpapatay kay Emerito Samarca, tagapangasiwa ng paaralang ALCADEV, at sa dalawang lider Lumad na sina Datu Bello Sinzo at Dionel Campos noong Setyembre 1, 2015.

Matapos ang limang taon, nakamit din ang hustisyang ipinagkait ng reaksyunaryong estado sa mga Lumad ng Lianga. Matapos ang masaker noong 2015, ginantimpalaan ng Armed Forces of the Philippines si Bucales ng pondo, negosyo at pusisyon. Hinirang siyang pekeng kinatawan ng mga Lumad at pinaupo sa konseho ng prubinsya. Ang Magahat-Bagani ay pinopondohan at pinatatakbo ng 3rd IB. Sangkot ang grupo sa mga operasyong kombat at pagpapasurender sa Lianga nitong nagdaang mga buwan.

Patay din sa pananambang ang kadre ng detatsment ng CAFGU, sa Barangay Pakwan, Lanuza noong Oktubre 3. Nasamsam mula sa kanya ang isang kalibre .45 pistola. AB

## Abusadong mga sundalo at pulis, inambus ng BHB

TINAMBANGAN NG Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Western Samar ang mga elemento ng 19th IB sa Barangay Sta. Cruz, Matuguinao noong Setyembre 26. Limang sundalo ang napaslang at 12 ang sugatan.

Sa Northern Samar, pinaputukan ng isang yunit ng BHB ang mga elemento ng CAFGU at 43rd IB sa Barangay Pagsang-an, San Roque noong unang linggo ng Setyembre.

Tumaob ang sasakyan ng mga pulis nang tambangan sila ng isang yunit ng BHB-Albay sa haywey sa Barangay Cawayan, Manito noong Setyembre 28. Sugatan sa opensiba ang dalawang pulis.

Noong araw ding iyon, inambus ng BHB-Mindoro ang mga elemento ng 403rd Regional Mobile Force Battalion (RMFB) sa Barangay Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro. Tumalilis ang mga sugatang pulis at iniwan ang kanilang sasakyan. Tuluyang winasak ng BHB ang sasakyan ng pulis. Kasabay nito, inatake ng isang hiwalay na yunit ang detatsment ng 403rd RMFB sa Barangay Cabalwa sa parehong bayan.

Dalawang operasyong isnayp din ang inilunsad ng BHB-Mindoro noong Setyembre 16 at 22 laban sa 203rd IBde na umuokupa sa Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro.



Pinasabugan naman ng BHB-Central Panay ang nag-ooperasyong pwersa ng 12th IB sa Barangay Binulosan Piqueño Calinog, Iloilo noong Setyembre 17. Isang araw bago nito, pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ang mga tropang nagsasagawa ng operasyong saywar sa Barangay Masaroy sa tabing ng Retooled Community Support Program.

Iniulat din ng yunit ang dalawang operasyong haras laban sa mga sundalo sa mga barangay ng Roosevelt at Tacayan, Tapaz, Capiz noong Agosto at Hulyo. Isa ang patay at dalawa ang sugatan sa hanay ng 12th IB.

Sa Barangay Baluan, Palimbang, Sultan Kudarat, hindi bababa sa tatlong sundalo ang napatay sa isang engkwentro noong Hulyo 26. Isang Pulang mandirigma ang namartir. AB

## Mga akawnt sa Facebook ng rehimeng Duterte, nabunyag

Ipinasara ng Facebook noong Setyembre 22 ang mahigit 100 akawnt at pahina na pinatatakbo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP), gayundin ang dagdag na 100 maka-Duterte na akawnt na natuklasang pinatatakbo mula sa China.

Ayon sa Facebook, ang mga akawnt na ito ay lumabag sa alituntunin ng kumpanya kaugnay sa *coordinated inauthentic behaviour* o koordinadong paglalabas ng mga *post* para magmukhang totoo ang isang pangyayari o opinyon. Ibig sabihin, peke ang mga akawnt na ito at sadyang ginawa para magpalaganap ng pekeng mga balita para impluwensyahan ang upinyon ng publiko.

Laman ng mga ito ang mga balita at upinyon kaugnay sa pulitika at militar ng Pilipinas, pagsuporta sa mga batas ng rehimeng Duterte laluna ang bagong Anti-Terrorism Law at ang pag-*red-tag* sa mga aktibista at kritiko nito. Nakatuon ang naturang mga akawnt sa pagdedemonyo sa rebolusyonaryong armadong kilusan bilang "terorista." Puno ang mga ito ng kasinungalingan, pambabaluktot at karahasan.

Ang bungkos naman ng mga akawnt na pinatatakbo mula sa China ay nag-espesyalisa sa pagpapalaganap ng mga maka-China na pahayag at pag-atake sa mga upisyal at mambabatas na bumabatikos rito. Kapansin-pansin sa mga akawnt na ito ang promosyon kay Sara Duterte bilang susunod na presidente, at mga papuri kay Imee Marcos.

Malinaw ang ugnayan ng rehimeng Duterte, AFP, PNP at mga akawnt na isinara ng Facebook. Tukoy ang mga akwant na ginawa at pinatatakbo ni Capt. Alexandre Cabales, ang hepe ng Social Media Center ng AFP na nakapailalim sa Civil Military Operations Regiment. Isa rito ang pahinang "Hands Off Our Children" na ginagamit ng militar para i-*red-tag* ang mga aktibistang kabataan, pangunahin ang kinatawan ng Kabataan Partylist na si Sarah Elago.

Apat na beses nang nagsara ang Facebook ng mga Pilipinong akawnt na maka-Duterte sa nakaraang dalawang taon. Isang beses na ring nagsara ang Twitter ng mga katulad na akawnt. Kabilang sa mga ipinasara ang mga *network* na pinatakbo ni Nic Gabunda, ang direktor ni Duterte sa pangangampanya sa *social media* noong eleksyong 2016. AB

# *Mega farm*: Konsolidasyon ng lupa para sa produksyong pang-eksport

Samutsaring programa ang ipinapakana ng rehimeng Duterte para pasikarin umano ang sektor ng agrikultura sa gitna ng pandemya. Isa rito ang programang Mega Farm and Food Security na sasagot diumano sa kakulangan ng pagkain sa panahon ng pandemya.

Sa ilalim ng programang *mega farm,* bubuklurin ang magkanugnog na parsela ng lupa na pagmamay-ari ng indibidwal na magsasaka para tamnan ng isang klase ng pananim. Ito raw ay para makamit ang "economy of scale" o malakihang produksyon gamit ang pinakamababang gastos. Sasaklawin nito ang 217,120 ektaryang pampublikong lupa.

Taliwas sa katawagan ng programa, malabong matitiyak nito ang lokal na suplay ng pagkain. Diin nito ang paglalatag ng mga komersyal na plantasyong nakatuon sa produksyon ng mga "high value crop" o mga pananim na mataas ang halaga at madaling ibenta sa pandaigdigang pamilihan. Kabilang dito ang saging, kakaw, kamoteng-kahoy, kape, *oil palm,* kalamansi, niyog, mangga, sibuyas, palay, *seaweed,* tubo at mga gulay na nabubuhay sa malalamig na lugar. Ang mga pananim na ito ay nakaasa sa makinarya, binhi, pestisidyo at pataba na iaangkat mula sa mga kapitalistang bansa.

Kasama sa target na saklawin ng mga *mega farm* ang mga palayang nabangkrap dulot ng liberalisasyon sa importasyon ng palay. Noong Agosto, inaprubahan ng Asian Development Bank ang $400 milyong (₱20 bilyon) pautang para "saluhin" ang mga nawalan ng hanapbuhay dulot ng iskema. Bahagi nito ang pondo para sa "pagtransisyon" ng mga magsasaka sa palayan tungo sa pagsasaka ng mga *high value crop*. Sa kabila ito ng pangangailangang tiyakin ang istableng suplay ng lokal na bigas matapos pansamantalang itinigil ng Vietnam at Thailand ang pagluluwas ng bigas sa Pilipinas noong Mayo.

Ang konsolidasyon sa produksyon at pagsasaka ng mga *high value crop* ay paulit-ulit nang napatunayang nagsisilbi lamang sa monopolisasyon ng kontrol ng lupa sa kapinsalaan ng mga magsasaka. Sa Negros at Central Luzon, ipinatutupad ito sa anyo ng *sugar block farming.* Sa Mindanao, nasa anyo ito ng mga *agribusiness venture arrangement* (AVA) sa pagitan ng mga benepisyaryo ng huwad na repormang agraryo at mga kumpanya sa agribisnes na nagpapatakbo ng mga komersyal na plantasyon ng saging, pinya, kakaw at *oil palm.*

Sa ilalim ng mga iskemang ito, sinasamantala ng mga panginoong maylupa at kumpanya sa agribisnes hindi lamang ang malalaking tipak ng lupa at rekurso, kundi pati ang murang lakas paggawa ng mga magsasaka. Libu-libong ektarya ng lupa ang itinatali nito sa produksyong pang-eksport.

Sa isang ulat na inilabas ng World Bank noong Hunyo, inamin nito ang mga "limitasyon" ng *sugar block farming* at AVA. Sa Negros, di signipikante ang pagtaas ng produktibidad ng mga tubuhan na ipinailalim sa *block farming.* Nananatiling atrasado, di mekanisado at nakaasa sa murang lakas-paggawa ng libu-libong sakada ang operasyon ng mga ito. Nananatiling nasa 50-57 tonelada ang ani bawat ektarya ng tubuhan, malayo sa tinarget na 80-100 tonelada. Ito ay sa kabila ng pagbuhos ng halos ₱2 bilyon sa industriya sa anyo ng pautang at pondo para sa makinarya at mga proyektong imprastruktura. Ayon sa Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura, napunta lamang ang pondong ito sa bulsa ng mga panginoong maylupa, mga upisyal ng ahensya sa agrikultura at mga lokal na upisyal.

Nanatiling manggagawang-bukid sa sariling lupa ang maraming magsasaka. Napakababa ng ibinabayad na upa sa kanilang mga lupa ng mga kumpanya at panginoong maylupa. Sa Tarlac, umaabot lamang sa ₱7,500 kada 0.66 ektarya ang upang binabayaran ng mga panginoong maylupa kada taon. Mababa at di nakabubuhay ang kanilang sahod. Malala pa, nawalan sila ng karapatan na magtanim ng pagkain bilang pantawid sa panahon ng *tiempo muerto* o panahon na tigil ang paggiling ng tubo.

Sa mga plantasyon ng saging sa Mindanao, nabaon sa utang ang mga magsasaka sa kasosyo nilang mga kumpanya na ekslusibong nagsusuplay ng mga gamit sa produksyon (binhi, pestisidyo at pataba.) Sagit ng magsasaka ang lahat ng gastos sa produksyon at obligado silang magbayad kahit sa panahon ng mga sakuna, tagtuyot o malubhang pananalasa ng peste. Nakulong ang mga magsasaka sa tagibang na mga kontrata ng pagbebenta ng kanilang ani sa napakababang presyo. Dahil sa pagkabaon sa utang, naging daan pa ang AVA para mapalayas sila sa sariling lupa.



# Pagsandig sa dayuhang abono, balakid sa pagkamit ng seguridad sa pagkain

Ibayong nilantad ng pandemyang Covid-19 ang atrasadong katangian ng agrikultura sa Pilipinas. Ang mga pagtigil sa produksyong agrikultural sa buong daigdig bunsod ng mga *lockdown*, kwarantina at restriksyon sa transportasyon ay nagpalala sa krisis ng lokal na sektor ng agrikultura na tali sa dayuhang mga gamit sa produksyon at nakatuon sa eksport. Nakatakdang tumindi ang krisis sa pagkain na ibinunsod ng deka-dekada nang liberalisasyon sa agrikultura, monopolisadong kontrol sa lupa at kawalan ng suporta sa maliliit na magsasaka.

Isang mukha ng pagiging atrasado ng lokal na agrikultura ang kawalan ng batayang mga industriyang nakatuon sa pagmamanupaktura ng mga gamit sa produksyon sa sektor. Kabilang dito ang kawalan ng kakayahang magmanukpaktura ng angkop na abono at limitadong paggamit nito sa mga palayan, maisan at gulayan. Sa abereyds, ang lokal na mga magsasaka ay gumagamit lamang ng 157 kilo ng abono kada ektarya ng masasakang lupa kada taon. Lubhang napakababa nito kumpara sa rekord ng Vietnam na 429.8 kilo.

Napakamahal ng mga abono sa Pilipinas relatibo sa pandaigdigang mga presyo. Ang abereyds na presyo ng *urea*, karaniwang abono na ginagamit ng mga Pilipinong magsasaka, ay ₱1,030 kada 50-kilong sako noong Hunyo. Higit doble ito sa abereyds na pandaigdigang presyo na ₱505/sako sa parehong buwan. Ang presyo ng ibang pangunahing tipo ng abono kabilang ang *complete* NPK (₱1,072), *ammonium sulfate* (₱586), *ammonium phosphate* (₱961) at *potassium chloride* (₱1,197) ay napakataas din kumpara sa pandaigdigang mga abereyds.




Relatibo sa pambansang abereyds, pinakamahal ang ibinebentang mga abono sa Eastern Visayas, sunod ang Bicol. Pangunahing agrikultural ang naturang mga rehiyon. Ang Eastern Visayas ay ikaapat na pinakamahirap na rehiyon sa bansa.

Kontrolado ng mga multinasyunal na korporasyong agrokemikal ang pagpepresyo sa mga abono sa Pilipinas dahil mayorya ng lokal na suplay ay inaangkat. Noong 2018, nag-angkat ang bansa ng kabuuang 2.37 milyong metriko-toneladang (MT) abono na nagkakahalagang ₱34.76 bilyon. Katumbas nito ang 75% ng kabuuang suplay ng abono sa bansa (3.15 milyon MT) sa parehong taon.

Noong 2019, tumaas pa ito tungong 2.57 milyon MT (₱35.4 bilyon). Sa bolyum na ito, 40% (1 milyong MT na nagkakahalagang ₱13 bilyon) ang inangkat mula sa China. Inaangkat ng Pilipinas ang kabuuang suplay nito ng *urea* dahil hindi ito pinoprodyus ng mga lokal na planta. Ito ang nakapagtala ng pinakamataas na bolyum (856,853 MT) ng inangkat na abono noong 2018. Laganap ang paggamit ng *urea* (46-0-0) dahil madali itong gamitin at hindi nakalalason kumpara sa ibang mga di-organikong abono.

Nagsimula ang todo-todong pag-aangkat ng abono nang baklasin ang mga kantitatibong restriksyon at taripa sa produkto noong dekada 1990. Ipinatupad ito alinsunod sa General Agreement on Tariffs and Trade at Agreement on Agriculture na ipinataw sa bansa ng World Trade Organization, bilang bahagi ng pakana nito na todo-todong ibuyangyang ang lokal na sektor ng agrikultura. Binansot ng neoliberal na mga iskemang ito ang anumang posibilidad para makapagtayo ang bansa ng nagsasariling industriya sa pagmanupaktura ng abono, at itinali ang bansa sa pag-aangkat.

Sa kabilang banda, apat na pribadong kumpanyang *agrochemical* lamang ang may kapasidad na magprodyus ng abono sa bansa—Soiltech Agricultural Products (may kapasidad na magmanupaktura ng 1 milyong MT/taon), Atlas Fertilizer Corp. (230,000 MT), Farmfix Fertilizer (50,000 MT), at International Chemical Industries Inc. (22,000 MT). Ang produksyon ng mga ito ay limitado lamang sa paghahalo ng mga hilaw na materyales gaya ng mga *phosphate rock, anhydrous ammonia* at *sulfuric acid* na pawang inaangkat din mula sa ibang bansa, pangunahin sa China.

Sa kasalukuyan, nahaharap ang lokal na sektor ng agrikultura sa napakalaking hamon dulot ng mga pagtigil sa pandaigdigang produksyon ng abono. Noong Agosto, sumirit ang presyo ng *urea* mula ₱536/sako noong Hulyo tungong ₱624/sako noong Agosto. Ang abereyds na presyo nito noong nakaraang taon ay ₱543.75 lang.

Pangunahing apektado sa krisis na ito ang mga magsasaka ng palay dahil 38% ng kabuuang ginagamit na abono sa bansa ay sa mga palayan, sunod sa maisan (21%), prutasan at mga gulayan (7%). Dahil nakaasa na ang kanilang produksyon sa dayuhang abono, tiyak na lalupang babagsak ang ani sa susunod na mga buwan. AB

# Dumadaluhong ang mga berdugo ni Duterte

Apat na upisyal ng barangay at isang ordinaryong residente ang pinaslang ng mga pwersa ng estado sa Bicol sa loob lamang ng isang linggo. Matinding kalupitan din ang sinapit ng isang magsasaka sa Negros at dalawang Lumad sa Sultan Kudarat. Lahat ng mga biktima ay inakusahang tagasuporta, kundiman kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Sa Masbate, tatlong sibilyan ang magkakahiwalay na dinukot ng 2nd IB at 1st Masbate Police Mobile Force Company noong Setyembre 26 at dinala sa Barangay Alas, Mandaon dakong alas-5:30 ng umaga kung saan sila minasaker makalipas ang dalawang araw.

Dinukot si Jerry Regala, negosyante mula sa Barangay Dalipe, Cawayan, habang nagdedeliber ng bigas; at ang kagawad ng Barangay Cajonday, Baleno na sina Judy Barruga at Joey Asne sa kanilang mga bahay. Tinamnan ng mga riple at pasabog ang mga bangkay upang palabasing namatay sila sa engkwentro. Ito ang ikalimang kaso ng masaker sa Masbate sa ilalim ni Duterte.

Ilang oras makalipas nito, dinakip naman sa tsekpoynt ng pulis ang motoristang si Ronald Azucena sa Barangay Dayao. Dinala at idinetine siya sa istasyon ng pulis sa Mandaon matapos tamnan ng baril.

Sa Guinobatan, Albay, pinatay ng 49th IB si Kapitan Luzviminda Dayandante at Treasurer Albert Orbina ng Barangay Batbat sa isang ambus sa Barangay Sinungtan noong Setyembre 21. Pinaslang sila dahil sa aktibo nilang paglalantad sa mga abuso ng yunit sa kanilang baryo. Mahigit 30 baryo ang okupado ngayon ng 49th IB sa prubinsya.

Noong Setyembre 25, walang habas na nagpaputok ang mga sundalo ng 49th IB malapit sa eskwelahan ng Barangay Oma-oma, Ligao City para palabasing may naengkwentro silang yunit ng BHB. Dahil dito, napilitang magbakwit ang mga guro na naghahanda para sa pasukan.

Sa Negros Occidental, pinugutan ng ulo ng mga sundalo ng 94th IB ang magsasakang si Bernardo Guillen, 50, sa Barangay Tan-awan, Kabankalan City noong Setyembre 17. Bago nito nakasagupa ng mga sundalo ang isang yunit ng BHB malapit sa kanyang sakahan. Lumikas siya at kanyang pamilya sa lugar ngunit nagpasya siyang bumalik para kumuha nga gamit kahit marami nang sundalo sa kanyang bahay. Tatlong araw siyang nawala bago natagpuan ang kanyang naagnas nang bangkay sa isang bangin malapit sa bangin malapit sa kanyang sakahan.

Sa Sultan Kudarat, pinaslang ng 37th IB ang dalawang Lumad na residente ng Sityo Loboc, Barangay Sta. Clara, Kalamansig noong gabi ng Setyembre 4. Nanghuhuli ng palaka ang dalawa nang barilin sila ng mga sundalo.

Bago nito, binugbog ng mga sundalo ang motoristang sina Renato Angulin, Jun-jun Mandong at Cris Macagarsi sa Sityo Lower Nursery sa parehong barangay noong Setyembre 2.

**Pekeng pagpasurender.** Sa Negros Occidental, sapilitang pinasurender ng 79th IB ang 63 residente ng Barangay Sta. Rosa, Murcia noong Setyembre 21 para makapagbulsa ng di bababa sa ₱4 milyon. Binigyan lamang ng tig-limang kilong bigas ang mga "sumurender."

Sa isla ng Mindoro, daan-daang minoryang Buhid, kabilang ang mga menor de edad, ang pwersahang pinasurender ng 203rd Brigade sa Bongabong, San Jose, Mansalay at Rizal. Nilinlang ang mga residente na kunin ang mga *relief good* sa loob ng kampo, kung saan sila ipinailalim sa interogasyon at pilit na pinasurender.

Binalewala naman ng 50th IB ang mga protokol pangkalusugan laban sa Covid-19 nang sapilitan nilang pinagrali ang mga residente ng tatlong baryo sa Pinukpuk, Kalinga noong Setyembre 22-24. Okupado ng militar ang mga baryo sa Balbalan, Lubuagan, Pasil at Tabuk. Laganap sa mga lugar na ito ang panlilinlang at panggigipit sa mga residente upang sumurender.

**Iligal na pag-aresto.** Hinarang ng mga pulis at sundalo ang apat na sibilyan sa isang tsekpoynt sa Barangay Alingasaw, Moises Padilla, Negros Oriental noong Oktubre 2 at iligal na dinakip at ikinulong matapos tamnan ng mga ebidensyang baril at pasabog. Kinilala ang mga biktima na sina Wilmar Pognasi, tagapagtaguyod ng karapatang-tao; si Leoltren Trinidad; at dalawang drayber ng habal-habal. AB




### Demolisyon sa gitna ng pandemya, nagbabadya

NAGPIKET ANG MGA residente ng Barangay 654 sa Intramuros, Manila sa harap ng nagbabadyang pagdemolis sa kanilang mga tahanan noong Setyembre 24. Bilang tugon, nagdeploy si MGen. Debold Sinas ng mga pulis sa lugar kinagabihan para supilin ang paglaban ng mga residente.

Sa Tondo, aabot sa 5,000 residente ang nakatakdang palayasin sa kanilang mga bahay sa Katuparan Housing Project sa Vitas, Tondo, Manila. Una nang nakatanggap ng pabatid ang mga residente noong Setyembre 1 na nagpapaalis sa kanila sa lugar sa loob ng 15 araw.

SA MADALING SALITA




# ₱2 bilyon

Winaldas ni Duterte sa pagbili ng **Gulfstream G280** *business jet* **mula sa US**.

## ₱194,996

ang gagastusin kada oras ng paglipad nito.




## ₱28,000-₱30,000

### KADA MAGSASAKA

(**₱75-P80 bilyon** sa kabuuan) **Lugi** sa **unang taong implementasyon** ng **Rice Liberalization Law**.

## ₱51.5 bilyon




**kinakailangan** para **matiyak** na mayroong **modyul** ang **bawat estudyanteng Pilipino**. **Kulang na kulang** ang **₱15-bilyong alokasyon** para sa **pag-iimprenta** nito sa 2021.

## Ika-66
### sa 91 bansa

ranggo ng **tugon sa pandemya** ng rehimeng Duterte sa usapin ng pagiging ***evidence-based*** o nakabatay sa syensya at **pinakaabanteng pananaliksik**, ayon sa **Lancet**, isang **pahayagang medikal**.



## Võ Nguyên Giáp


**Agosto 25, 1911-Oktubre 04, 2013**

"**Pinalitaw** ng digmang ito ang **bagong** mga anyo ng **pakikibaka**: pinagsamang pakikibakang **pulitikal** at **armado**, pakikibaka sa **kabundukan**, sa **kanayunan**, sa **kalunsuran**. **Buong lapad** na **pinakikilos** ng mga pormang ito ng pakikibaka ang **masa** ng ating **sambayanan** laban sa **mananakop**."

## ₱180




presyo ng **Beep card** na **obligadong bilhin** ng mga sasakay sa mga ***bus*** sa **EDSA** noong simula **ng Oktubre**.



## 6

**A29B Super Tucano** na ***light attack aircraft*** ang dumating sa bansa mula sa **Brazil**.

## ₱1 bilyon

tinatayang nawalang pondo sa pagbili ng ***overpriced*** na PPE mula sa mga kumpanyang **Chinese** mula **Abril-Mayo**. Ayon sa Philippine General Hospital, nasa **₱1200-₱1500** lamang ang presyo ng PPE, pero ang binili ng rehimen ay ang PPE **mula sa China** na nagkakahalaga ng **₱1700-₱2000**.

Kabayanihan ng masang anakpawis

# Ang sikreto ni Tatay Yulo




*Ang salaysay na ito ay bahagi ng pagdiriwang ng araw-araw na kabayanihan ng masang anakpawis sa pagsulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Hinihikayat ng* Ang Bayan *ang lahat ng mga yunit ng Partido, hukbong bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa na magsumite ng mga kwento at salaysay ng katatagan, tapang at militansya ng masang anakpawis sa pagsulong ng kanilang mga pakikibaka sa harap ng brutal na panunupil ng reaksyunaryong estado.*

Binabaybay ni Tatay Yulo pailawod ang ilog nang mapansin niya ang mistulang bota na nakalublob sa tubig at buhangin. Nang kunin niya ito, tumambad ang isang armalayt, na kumpleto pa sa mga bala. Isinako ni Tatay Yulo ang nakuhang armas at nagpadilim bago umuwi. Isa ang kanyang baryo sa mga nakikilusan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mindanao.

Ilang buwan bago niya makita ang baril, may naganap na sagupaan sa pagitan ng isang yunit ng hukbong bayan at militar malapit sa lugar. Matapos ang labanan, dumagsa ang mga sundalo sa komunidad ni Tatay Yulo at inokupa ito. Nagpakana ang militar ng umano'y pagbibigay serbisyo sa mga lugar na apektado ng mga labanan. Batid ni Tatay na ang layunin nito ay para gipitin ang mga residente at pwersahin silang sumurender. Saksi siya kung paano linlangin ang kanyang mga kababaryo, kung paanong ang simpleng pagpirma ng pagdalo sa mga patawag ng militar ay kasingkahulugan na ng pagsurender.

Nababalitaan niya na sa ibang mga baryo at kasyudaran, panay ang pagmamayabang ng mga sundalo na maraming-marami na daw ang mga "surenderi." Noon lamang nakaraang mga linggo, ipinagyabang ng Eastern Mindanao Command na mahigit 200 umano ang "nagbalik-loob, isinuko ang kanilang mga armas at bumalik sa mapayapang buhay." Alam ni Tatay na manipulasyon lamang ito ng militar at ng gubyerno ni Duterte.

Maya't maya ang pangamba ni Tatay na mabunyag ng mga sundalo ang kanyang sikreto. Alam niyang sa ilalim ng naghaharing batas, peligroso ang iligal na pag-iingat ng armas. Alam niyang maaari siyang makulong, matortyur o kaya'y paslangin ng mga sundalo.

Pero hindi natinag ang hangarin ni Tatay na magserbisyo sa rebolusyon at tumindig siyang may kapasyahang hindi masusupil ng mga pasista.

Makalipas ang ilang buwan, nakituloy ang isang yunit ng mga Pulang mandirigma sa kanyang bahay. Matagal niyang hinintay ang sandaling ito. Matapos ang mga pagbati at pakikipagkamay, sabik na inilabas ni Tatay ang nakabungkos na sako mula sa silong ng kanyang bahay at ibinigay sa kumander ng yunit ng BHB.

"Hindi ko tiyak kung sa inyo ba ito o sa kaaway. Pero dahil armas iyan, dapat lang na sa hukbo mapunta," sabi niya habang iniaabot ang armalayt.

Lingid sa kaalaman ni Tatay Yulo, ang M16 na iyon ang armas na naka-isyu kay Kas Mando, isang Pulang mandirigma na namartir sa labanan sa lugar na iyon, tatlong buwan na ang nakalipas. Nakuha pa ng mga kasama ang katawan ni Kas Mando, pero inakala nilang nasamsam ng kaaway ang kanyang armas.

Ang armalayt ay agap na ngayon ng isang bagong Pulang mandirigma na nagpapatuloy sa hindi mapipigilang agos ng rebolusyon. AB

### Ika-48 taon ng batas militar, ginunita

NAGLUNSAD NG MGA pagkilos ang iba't ibang organisasyon noong Setyembre 21 bilang paggunita sa ika-48 taon ng pagpapataw ng batas militar ng diktadurang Marcos noong 1972. Mahigit 2,000 ang nagprotesta sa University of the Philippines-Diliman sa Quezon City sa ilalim ng temang "Labanan ang tiraniya! Patalsikin si Duterte!" Anila, hindi kaiba ang lagim na nagaganap sa kasalukuyan sa ligalig sa ilalim ng diktadurang Marcos.

Nagkaroon ng katulad na mga protesta sa Naga City, Legazpi City at Sorsogon City. Sa Iloilo City, dumalo sa aktibidad ang meyor ng syudad na si Mayor Jerry Treñas na iligal na inaresto noong batas militar. Aniya, kailangan ng mas maraming aktibista upang depensahan ang demokrasya at karapatan.

Nagkaroon din ng pagkilos sa Baguio City, Angeles City, Davao City, Cebu City, Capiz, Kabankalan sa Negros at sa mga komunidad sa Kalibo at New Washington sa Aklan.

Sa ibayong dagat, nag-alay ng kandila ang mga kasapi ng Bayan-USA at Malaya Movement sa US Capitol, Washington DC, para sa lahat ng biktima ng diktadurang Marcos at pasistang rehimeng Duterte.

## Subsidyo sa palay, sigaw ng mga magsasaka

SA HARAP NG pagsadsad ng presyo ng pagbili ng palay, hiningi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) na maglabas ng pondo ang rehimeng Duterte bilang subsidyo upang pigilan ang lubhang pagkalugi ng mga magsasaka sa palay. Ayon sa KMP, kabilang sa maaaring gamitin ay ang ₱10.727 bilyong nakulekta sa pag-aangkat ng bigas, na anito'y makasusuporta sa humigit-kumulang 72,800 pamilyang magsasaka. Nitong Oktubre, bumagsak ang presyo ng palay hanggang ₱10-14 kada kilo.

Samantala, inilunsad noong Oktubre 1 ang isang kampanya para isulong ang agrikulturang nakabatay sa agroekolohiya, isang paraan sa pagsasaka gamit ang natural na mga rekurso nang walang sinisirang likas na yaman. Pinangunahan ito ng Pesticide Action Network Asia Pacific katuwang ang Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura, SAKA at MASIPAG.

## Panukalang batas sa US, haharang sa ayudang militar

IKINALUGOD NG PARTIDO Komunista ng Pilipinas (PKP) ang panukalang Philippine Human Rights Act na inihain sa US Congress ni Rep. Susan Wild noong Setyembre 17. Layunin ng panukalang batas na harangin ang pagpopondo ng US sa militar at pulisya ng Pilipinas dahil sa malawakang paglabag ng mga ito sa karapatang-tao.

Tinawag ni Wild na "brutal" ang rehimeng Duterte, na ayon sa kanya ay "pinatitindi ang pagtarget sa mga unyonista, mga manggagawa at karibal sa pulitika" nito. Suportado ng 24 iba pang mambabatas sa US ang panukalang batas.

Ang Pilipinas ang pinakamalaking tumatanggap ng ayudang militar ng US sa East at Southeast Asia sa nakaraang apat na taon. Tumanggap na ng $554 milyong ayudang militar ang rehimeng Duterte mula 2016.

## Kagubatan, winasak sa pambobomba ng AFP

NITONG NAGDAANG DALAWANG taon, walang awat ang paggamit ng rehimen ng mga eroplano at helikopter na mula sa US sa pambobomba ng mga sibilyang komunidad. Nagdudulot ito hindi lamang ng matinding teror sa mamamayan, kundi malaking pinsala rin sa kagubatan.

Nitong Oktubre, inilabas ng Bagong Hukbong Bayan-Surigao del Sur ang mga larawan ng wasak na kagubatan dulot ng walang patumanggang pambobomba ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Bago nito, iniulat ng mga yunit sa prubinsya ang apat na pambobomba na isinagawa ng Eastern Mindanao Command noong Mayo at Hulyo. Gamit ang mga eroplanong FA-50, mga helikopter na AgustaWestland at MG-520, mga kanyon at *drone*, binomba ng militar ang mga barangay ng Libas Sud at Siagao sa San Miguel noong Mayo 14 at 18; Diatagon sa Lianga noong Hulyo 7; at Anahaw Daan sa Tago noong Hulyo 14.

Okupado ng 401st, 402nd at 901st IBde ang mga baryo sa Cortez, Lanuza, Carmen, Cantilan, San Miguel, Tago at Lianga.




## Trump, nag-udyok ng pasismo sa US Presidential Debate

INULAN NG BATIKOS si US Pres. Donald Trump matapos tahasan siyang mag-udyok ng karahasan at rasismo sa ginanap na unang US Presidential Debate 2020 noong Setyembre 29. Maliban sa paulit-ulit na pang-iinsulto at pambabara ni Trump sa kandidato ng Democratic Party na si Joe Biden, kinatampukan ang debate ng pasistang tindig ng pangulo kaugnay sa nagpapatuloy na mga protesta ng kilusang Black Lives Matter.

Nang tanungin kung kinukundena ba niya ang mga grupong ultra-Kanan na sangkot sa pandarahas sa mga pagkilos noong nakaraang mga linggo, ibinaling niya ang sisi sa mga aktibista at iginiit na kailangan silang tapatan. Inutusan niya ang grupong paramilitar na Proud Boys na "umiwas at mag-abang." Kabilang ang naturang grupo sa mga naglulunsad ng mga armadong patrol sa mga lugar na may pagkilos para direktang manakit at mandahas o di kaya'y mag-udyok ng karahasan. Pilit na pinalabas ni Trump na ang oposisyong pulitikal ang responsable sa aniya'y "mararahas na protesta" at hindi ang mga grupong ito.

Matapos umani ng kritisismo hindi lamang mula sa mga Democrat kundi pati na rin sa kanyang mga kapartidong Republican, natulak si Trump na kundenahin ang Proud Boys at iba pang mga grupong pasista makalipas ang dalawang araw.

Ang eleksyon sa US ay nakatakdang ganapin sa Nobyembre 3. Samantala, naiulat na nahawa ng sakit na Covid-19 si Trump nitong Oktubre 2.